

# LETSUGAS

Ang letsugas (*Lactuca sativa L.*) ay isa sa mga popular na gulay na kadalasang ginagawang salad. Isa rin ito sa mga gulay na madaling itanim sa organikong pamamaraan. Nagtataglay ito ng mga Bitaminang *A, K, folate, at protina.*

## PANGANGAILANGAN NG LUPA AT KLIMA

Pinaka-angkop ang lupang banlik na mataba at sagana sa organikong bagay at may pH na 6.5-7.0. Karaniwang itinatanim ang mga letsugas sa mga lugar na malalamig na kalimitang may temperaturang 12 -20°C. May ilang letsugas din na maaring itanim sa mababang lugar.

## PAGPILI NG BINHI



Loose Leaf



Romaine



Crispy Head

Mayroong pitong (7) klase ng letsugas. Ang madalas itanim ay ang barayti na *Loose Leaf*, *Romaine*, at *Crisphead*.

## PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Bungkalin at suyurin ang taniman ng dalawang beses. Gumawa ng kamang taniman na mataas, may lapad na isang metro at anumang haba at may pagitan na 0.75 m. Haluan ito ng 1kg na pinatuyong ipot ng manok o chicken manure at 300g na carbonized rice hull kada metro kwadrado. Takpan ang kamang taniman ng plastic mulch o kaya dayami at butasan ito na may pagitan na 30 - 40 cm. Nasa 2 - 3 hanay ng butas na may pagitan na 50 cm bawat hanay ang maaaring gawin sa bawat kamang taniman.

## PAGPUPUNLA

Pulbusin ang lupa lagyan ng 1kg pinatuyong chicken manure at 300g na carbonized rice hull kada metro kwadrado. Ilagay ito sa mga punlaan at basain. Mas mainam na gumamit ng seedling tray upang madali ang pagtanim at pagbunot nito. Kung wala naman, gumawa ng mga tudling sa punlaan na may pagitan na 7 - 10 cm.

Ibabad ang mga buto sa maligamgam na tubig sa loob ng apat (4) na oras. Patuyuin ang mga ito sa hangin at ibudbod ng manipis sa punlaan. Takpan ng kaunting lupa ang punlaan.

## PAGLILIPAT TANIM

Ilipat tanim ang mga bagong sibol na letsugas makalipas ang 10 hanggang 14 na araw. Ang *loose leaf* na barayti ay kailangang nagtataglay ng apat (4) hanggang anim (6) na *mature* na dahon at dapat mahaba na ang ugat bago ito ilipat tanim. Ang barayti na Romaine naman ay tumutubo nang paitaas ang dahon nito na kalimitan ay isang talampakan ang taas. Samantala, ang *Crisphead* ay magkakadikit, manipis at pabilog ang bunga ng dahon nito. Depende sa barayti ang *maturity* days ng letsugas. Diligan ang bawat butas o tundos ng lubusan at maglipat tanim ng isang punla bawat butas. Kung tag-araw, mainam na maglipat tanim sa umaga o hapon, para maiwasan mabigla ang mga punlang letsugas.





## PANGANGALAGA

Ang madalas na pagdidilig ay kailangan. Pwedeng gumamit ng sprinkler o drip irrigation. Maglagay din ng *manure tea* o *fermented plant juice* ng isang beses sa isang linggo upang maging malusog ang mga halaman at tumaas ang resistensya ng mga ito laban sa mga sakit at peste.

## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Dapulak at *semi-looper* ang pangunahing peste ng letsugas. Para makontrol ang mga ito mag-ispray ng dinurog na sili (100g sa 16L na tubig) na hinaluan ng isang kutsara ng *powdered* na sabon. Pangunahing sakit din ang pag-kabulok sanhi ng *fungus*. Maiiwasan ito kung may maayos na kanal at mataas na lebel ang taniman.



Dapulak



Pagkabulok ng ilalim

## PAG-AANI

Pagkalipas ng 45 - 60 araw mula pagkalipat tanim, maaari nang anihin ang mga barayti na *Crisphead*, o kung medyo matigas na ang ulo. Ang mga *Loose Leaf* na barayti ay maaaring anihin bago mamulaklak, kung umabot na sa kailangang laki. Gawin ang pag-aani sa umaga para maiwasan ang pagkalanta ng mga dahon. Putulin ang buong halaman na nasa ibabaw ng lupa para mapanatili halos lahat ng dahon.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o mag text lamang sa FARMERS' CONTACT CENTER

**0920 946 2474**